

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 85:9-10

OMNES gentes, quascúmque fecísti, vénient et adorábunt coram te, Dómine, et glorificábunt nomen tuum: quóniam magnus es tu et fáciens mirabília: tu es Deus solus, allelúja.

ANG LAHAT ng mga bansa na iyong nilalang ay nagsisiparito at sasamba sa harap mo, Panginoon, at kanilang dadakilain ang iyong ngalan, sapagakat ikaw ay dakila at gumawa ng kagila-gilalas na mga bagay: ikaw lamang ang Diyos, aleluya.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

OMNIPOTENS ætérne Deus, qui creásti et redemísti nos, respice propítius vota nostra: et sacrificium salutáris hóstiæ, quod in honórem nóminis Fílii tui, Dómini nostri Jesu Christi, majestáti tuæ obtúlimus, plácido et benígno vultu suscipere dignéris; ut grátia tua nobis infúsa, sub glorióso nómine Jesu, ætérnæ prædestinaciónis titulo gaudeámus nómina nostra scripta esse in coelis. Per eúndem Dóminum nostrum.

MAKAPANGYARIHAN at walang hanggang diyos, ikaw ang lumlalang at tumubos sa amin. Lingapin mo ang aming mga panata at maaawaing tanggapin mo ang paghahain na nakagagaling, bilang alay sa karangalan ng pangalan ng iyong anak na Hesukristong Panginoon namin. Ipagkaloob mo sa amin, sa maluwalhating pangalan ni Jesus, na marapat masulat sa kalangitan ng aming mga pangalan bilang mga tagapamana. Sa pamamagitan pa rin...



KAPISTAHAN NG KABANAL-BANALANG NGALAN NI HESUS

Misa "In nomine Jesu"

• I cl. • Doble II cl. • Puti

Araw ng Linggo na nasa pagitan ng Enero 3 hanggang Enero 5; o di kaya'y sa Enero 2.

Latin Mass Society of Cavite ©2020

Kilusan ng Misang Latin sa Lalawigan ng Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Fil 2:10-11

IN NOMINE Jesu omne genu flectátur, coeléstium, terréstrium et infernórum: et omnis lingua confiteátur, quia Dóminus Jesus Christus in glória est Dei Patris. — Ps 8:2 Dómine, Dóminus noster, quam admirábile est nomen tuum in univérsta terra. V. Gloria Patri. In nomine.

SA NGALAN ni Hesus, maninikluhod ang mga nasa langit, lupa, at sa ilalim ng lupa; at ipahahayag ng lahat ng dila na si Hesukristo ang Panginoon, sa kaluwalhatian ng Diyos Ama. — Salmo 8:2 Panginoon, O Panginoon namin, kahanga-hanga ang iyong ngalan sa lahat ng lupa. V. Luwalhati sa Ama. — Sa ngalan...

• Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, qui unigénitum Fílium tuum constituísti humáni géneris Salvatórem, ei Jesum vocári jussísti: concéde propítius; ut, cujus sanctum nomen venerámur in terris, ejus quoque aspéctu perfruámur in coelis. Per eúndem Dóminum

O DIOS, niloob mo na ang iyong Bugtong na Anak ay maging Tagapagligtas ng sangkatauhan at Siya'y tawaging Hesus. Ipagkaloob mo na kaming iginagalang ang kaniyang banal na Ngalan dito sa lupa ay ikagalak nawa namin ang pagkakita sa kaniya sa langit. Sa pamamagitan pa rin...

SULAT • Gawa 4:8-12

Pagbasa mula sa Gawa ng mga Apostol.

NOONG PANAHONG IYON: Sumagot si Pedro na puspos ng Espiritu Santo, "Mga tagapanguna at mga pinuno ng bayan, kung sinisiyasat ninyo kami ngayon tungkol sa kabutihang ginawa namin sa lumpong ito at kung paano siya

gumaling, nais kong malaman ninyong lahat at ng buong Israel na ang taong ito ay nakatayo sa inyong harapan at lubusang gumaling dahil sa kapangyarihan ng pangalan ni Jesu-Cristo na taga-Nazaret, na inyong ipinako sa krus ngunit muling binuhay ng Diyos. Ang Jesus na ito ‘*Ang batong itinakwil ninyong mga tagapagtayo ng babay, ang siyang naging batong-panulukan.*’ Sa kanya lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagkat walang ibang pangalan sa buong daigdig na ibinigay ng Diyos sa mga tao upang tayo ay maligtas.” — *R.* Salamat sa Diyos.

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 97:3, 2; Isa 63:16; Ps 144:21

SALVOS fac nos, Dómine, Deus noster, et cóngrega nos de natiónebus: ut confiteámur nómini sancto tuo, et gloriémur in glória tua. *V.* Tu, Dómine, Pater noster et Redémptor noster: a sáculo nomen tuum.

Allelúia, allelúia. *V.* Laudem Dómini loquétur os meum, et benedicat omnis caro nomen sanctum ejus. Alleluia.

ILIGITAS mo kami, Panginoon naming Diyos, at tipunin mo kami sa lahat ng bansa, upang purihin namin ang iyong banal na pangalan, at ikagagalak naming ang pagpupuri sa iyo. *V.* Ikaw, Panginoon, ang aming Ama at aming Manunubos; ang iyong ngalan ay mula pa noong una.

Aleluya, aleluya! *V.* Pupurihin ka ng aking bibig, Panginoon; purihin nawa ng lahat ng nabubuhay ang iyong banal na ngalan. Aleluya.

EBANGHELYO • Lc 2:21

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

NOONG PANAHONG IYON: Pagsapit ng ikawalong araw, ang sanggol ay tinuli at pinangalanang Hesus, ang itinawag sa kanya ng anghel bago pa siya ipaglahi. — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 88:12, 5

CONFITEBOR tibi, Dómine, Deus meus, in toto corde meo, et glorificábo nomen tuum in ætérnum: quóniam tu, Dómine, suávis et mitis es: et multæ misericórdiæ ómnibus invocántibus te, allelúja.

PUPURIHIN kita, Panginoon kong Diyos, ng buong puso at luluwalhatiin ko ang iyong pangalan magpakailanman. Ikaw, Panginoon ay mabuti at maawain, at sagana sa kagandanhabng loob sa lahat ng tumatawag sa’yo, aleluya.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

BENEDICTIO tua, clementíssime Deus, qua omnis vigeat creatúra, sanctíficet, quæsumus, hoc sacrificium nostrum, quod ad glóriam nóminis Filii tui, Dómini nostri Jesu Christi, offérimus tibi: ut majestáti tuæ placére possit ad laudem, et nobis proficere ad salútem. Per eúndem Dóminum.

PABANALIN nawa, maawaing Diyos, ng iyong pagpapala na ikinabubuhay ng tanang nilikha ang alay na ito at inihahandog namin sa iyo sa kapurihan at karangalan ng ngalan ng iyong Anak na si Hesukristo, upang siya’y makalugod sa Iyong kadakilaan bilang papuri at ikagagaling namin sa kaligtasan. Sa pamamagitan pa rin...

PREPASYO SA PASKO NG PAGSILANG

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens, ætérne Deus:

Quia per incarnáti Verbi mystérium nova mentis nostræ óculis lux tuæ claritátis infúlsit: ut, dum visibíliter Deum cognóscimus, per hunc in invisibílium amorem rapiámur.

Et ideo cum Angelis et Archángelis, cum Thronis et Dominatiónebus cumque omni milítia coeléstis exércitus hymnum glóriæ tuæ cánimus, sine fine dicétes. — *Sanctus, Sanctus, Sanctus...*

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakagagaling, na magpasalamat kaming lagi sa Iyo, Diyos Amang banal, makapangyarihan at walang-hanggan.

Sapagkat sa hiwaga ng pagkakatawang-tao ng Salita ay tumanglaw sa aming isipan ang liwanag ng iyong kaluwalhatian. Samantalang siya’y kinikilala naming Diyos na nakikita, kami’y sana’y akayin niya sa mga bagay na dinakikita.

Kaya’t kasama ng mga Anghel at mga Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon ay nagpupuri at sumasamba sa Iyo. Kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — *Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...*